

# SANDIGAN



Opisyal na Lathalain ng ATI-RTC MIMAROPA

Bolyum 3 Bilang 1 | Enero-Hunyo 2022

Doing Business  
with a

**Heart**



SUSI SA TAGUMPAY NG

**YAMANG  
BUKID**

*Farm*

# PATNUGUTAN

TAGAPAYO



Pat Andrew B. Barrientos, M.M., J.D.  
Center Director



Norberto C. Maur  
OIC-Assistant Center Director

PUNONG PATNUGOT

Josephine G. Darm, MPM-RD

PANGALAWANG PATNUGOT

Erlan D. Pasana, MPM-RD

TAGAPAMAHALANG PATNUGOT

Jezell dT. dela Cruz

MGA MANUNULAT

Erlan D. Pasana, MPM-RD

Jezell dT. dela Cruz

Engr. Karen A. Tulay

Cholie Ann C. Mirhan

Mark Jayson S. Alcobera

Cyrus Jay V. Escolastico

Michael Daven T. Jugno

TAGADIBUHO

Michael Daven T. Jugno

MGA LARAWAN

Tagapagpadaloy ng Programa  
Yamang Bukid Farm




Inilathala ng:

Department of Agriculture  
**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**  
Regional Training Center -MiMaRoPa  
Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro

Inilimbag sa Republika ng Pilipinas

Karapatang-ari 2022.  
Reserbado ang lahat ng karapatan.

# TUNGKOL SA PABALAT



Nagsimula sa SIMPLENG PANGARAP,  
na unti-unting LUMAWAK,  
hanggang sa naging isang YAMAN.  
Ito ang kwento at tagumpay ng  
**Yamang Bukid Farm.**

## NILALAMAN

- |    |   |
|----|---|
| 03 | Pakikisa sa ika-35 Founding Anniversary ng ATI  |
|    | Pagpapabuti ng Kasanayan sa Pagsusulat ng Empleado ng ATI   |
| 04 | Tagapagsanay Tungkol sa Produksyon ng Dekalidad na Inbred na Binhi at Paggamit ng Makinarya sa Bukid  |
|    | LSA at SPA Cooperators Sinanay sa Paggawa ng IEC Materials  |
| 05 | Kaalaman sa Urban Gardening, Itinuro sa 4-H Club Officers at AEWs                                     |
|    | 4H Pres ng Calapan, Wagi sa Three-Minute Speech Contest ng Kagawaran ng Pagsasaka                     |
| 06 | Makabagong Teknolohiya ng Patubig: Libreng Ibinahagi Online!  |
|    | Paghubog ng mga Bagong Tagapagsanay ng DFP  |
| 07 | Pagsasanay sa QGIS ng Municipal Livestock Coordinator   |
| 08 | Doing Business with a heart: Susi sa tagumpay ng Yamang Bukid Farm                                    |
|    | ATI-MIMAROPA, DA-MIMAROPA Pinangunahan ang Workshop sa Paggawa ng MCIP                                |
| 11 | Makabagong Pagsasaka Digital na!  |
| 12 | Participatory Guarantee System: Buong Pwersang Dinaluhan ng Magsasaka para sa Organikong Agrikultura! |
| 13 | Mahigit dalawang-libong magsasaka nagtapos sa SOA-SRA   |
| 14 | Mabilis na Aksyon sa Pamamahala ng Fall Armyworm  |
|    | Bantay ASF sa Barangay, Mas Pinalakas   |
| 15 | Pagtuturo na Nakatuon sa Pagkilala at Tamang Pamamahala sa Saba na Saging                             |

# PAKIISA SA IKA-35 FOUNDING ANNIVERSARY NG ATI

ni: Erlan D. Pasana

Sa temang, “*Innovating One DA Agricultural Extension Strategies Beyond New Normal*”, ang Agricultural Training Institute (ATI) MIMAROPA ay nakiisa sa pagdiriwang ng ika-35 *Founding Anniversary* ng ATI sa pamamagitan ng paggawa ng serye ng bertwal at aktwal na aktibidad noong ika-25 ng Enero 2022.



10:38 AM | JAN 28, 2022 | on Strategies Beyond the New Normal | ATI@35  
Mga anchors at tagapagsalita ng Online Talakayan

Sa loob ng apat na araw na aktibidad na may isang oras bawat episode, sinimulan ito sa pagtalakay sa mga pasilidad ng opisina at mga nagawa nito noong taong 2021. Nang mga sumunod na araw, ipinaalam sa mga manuudod sa pamamagitan ng mga itinalagang *Point Persons* ng opisina ang mga naka-iskedyul na mga pagsasanay, programa, at serbisyo partikular sa *Livestock, Coconut, High-Value Crops, Rice, Corn, RCEF, Organic Agriculture, e-Extension, at Regular Program*. Gayundin, ang mga paksa tungkol sa *Digital Tools for Agriculture at Participatory Guarantee System* ay tinalakay sa pamamagitan ng *powerpoint at video presentation*.

Nagsagawa din ng *webinar* tungkol sa *Green Barley Production* kung saan si Monchito L. Jalac, *Farm Supervisor* ng ATI *Techno-demo farm* ang naging tagapagsalita.

Bukod sa mga bertwal na aktibidad, nagsagawa din ang opisina ng *outreach activity* sa Brgy. San Antonio Naujan, Oriental Mindoro bilang pasasalamat sa mga biyayang natanggap sa nakaraang taon, kung saan binigyan ang mga *senior citizens* ng mga pagkain, *hygiene kit* at iba pa. Nagsagawa din ng *thanksgiving mass* noong ika-28 ng Enero 2022 na dinaluhan ng mga empleyado ng opisina.



Isa sa pinakamahalagang nangyari sa nasabing selebrasyon ay ang pagkilala sa mga natatanging empleyado ng ATI-MIMAROPA na naglingkod at nagbigay ng kanilang serbisyo sa loob ng mahigit lima hanggang dalawampung (5-20) taon. Ang mga ito ay sina Ruben P. Jugno, *Training Center Superintendent I* sa loob ng 20 taon, Leodigario S. Magnaye, *Driver*, 10 taon, Marcelo C. de Torres, *Driver*, 10 na taon, Lota D. Hernandez, *Utility Aide*, 10 taon, Josephine G. Darm, *Information Officer III*, 5 taon, Jezell dT. dela Cruz,

*Information Officer II*, 5 taon at Jean Alexa E. Templo, *Dorm Manager*, 5 taon. Pagkatapos, nagkaroon ng *oath taking ceremony* kung saan nanumpa si Christian Albert R. Sarabia bilang *Training Specialist I*.



SI G. Ruben P. Jugno, TCS I habang lumalagda sa Pledge of Commitment

Sa pamamagitan ng paglagda sa *Pledge of Commitment*, ang lahat ng kawani ng ATI-MIMAROPA ay nangakong magbibigay nang taos-pusong serbisyo sa mga magsasaka at mangingisda sa taong 2022. Ang paglagda ng pangako ay pinangunahan ni *Center Director* Pat Andrew B. Barrientos.



Mga empleyadong kalahok sa ginawang Quiz Bee Competition

Ang isang linggong pagdiriwang ng ika-35 *Founding Anniversary* ng ATI ay nagtapos sa pagbibigay parangal sa mga empleyado ng opisina na nanalo sa *Tiktok Dance Challenge at Quiz Bee Competition*.



Mga empleyado at Senior Citizens sa Outreach Activity ng ATI-MIMAROPA

# PAGPAPABUTI NG KASANAYAN SA PAGSUSULAT NG EMPLEYADO NG ATI

ni: Jezell dT. dela Cruz



Si Josephine G. Darm, IO III habang tinatalakay ang Basic Writing Skills

Upang mas madagdagan pa ang kakayahan ng mga empleyado ng ATI-MIMAROPA sa pagsusulat, nagsagawa ang ahensya ng "Skill-based Capability Enhancement: Basic Writing Skills" sa 13 na empleyado ng iba't-ibang seksyon at yunit ng ATI MIMAROPA noong ika-23 ng Pebrero, 2022 sa ATI MIMAROPA CAFÉ Hall, Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro.

Ang pagsasanay ay pinangunahan ni Josephine G. Darm, Information Officer

III/ISS Chief na naging tagapagsalita sa mga paksa tulad ng *Principles of Good Writing Skills, the Barriers to Writing and Writing Tips*. Matapos ang leksyon, ang mga kalahok ay inatasang magsulat ng artikulo tungkol sa ginawang aktibidad. Binigyan din sila ng *take-home task* upang mas mapaganda pa ang kanilang ginawang artikulo.

*"Sobra akong nagpapasalamat dahil naging bahagi ako at nabigyan ako ng oportunidad na matuto at malaman ang iba't-ibang teknik ng pagsulat. Nagpapasalamat din ako sa buong Training Management Team sa inyong binigay na serbisyo at malasakit sa bawat isa sa aming mga kalahok. Ang pagsasanay na ito ay sobrang magagamit namin sa aming araw-araw na pagtatrabaho upang maipahayag natin ang ating mga gustong imungkahi,*

*komento at damdamin. Ito rin ay napakagandang komunikasyon gamit ang kasanayan sa pagsulat ay maaring humantong sa pagsulong at maging kapaki-pakinabang bilang isang propesyonal,"* sabi ni Ayra May C. Adra, *Bookkeeper, Admin and Finance Unit.*

Ayon kay G. Norberto C. Maur, *Officer-in-Charge TCS I*, ang mga ganitong gawain ay kailangang seryosohin ng mga empleyado upang mas lalo pang mapahusay ang kanilang galing at kasanayan pagdating sa pagsusulat. Aniya pa, ang *Skills-Based Capability Enhancement* ay isang aktibidad na naglalayong bigyang pansin ang kakayahan ng mga empleyado ng ATI sa ibang aspeto upang higit pang makapagbigay ng mas maayos at mahusay na serbisyo sa mga kliyente.

# PAGTUTURO SA 32 TAGAPAGSANAY TUNGKOL SA PRODUKSYON NG DEKALIDAD NA INBRED NA BINHI AT PAGGAMIT NG MAKINARYA SA BUKID

ni: Erlan D. Pasana

Upang matulungan ang mga *Learning Site for Agriculture (LSA), School for Practical Agriculture (SPA), at Extension Service Providers (ESP)*, nagsagawa ang ATI-MIMAROPA ng masinsinang "Training of Trainers on Production of High-Quality Inbred Rice and Seeds, and Farm Mechanization" sa Dosfourdos Farm, Brgy. Ramon Magsaysay, Aborlan, Palawan noong ika 14-25 ng Marso 2022.

Sa loob ng 12 araw, ang mga kalahok ay natuto sa pamamagitan ng leksyon at aktwal na operasyon ng mga piling makinarya sa sakahan tulad ng *4-wheel tractor na may attachment rotavator at harrow, hand tractor, rice combine harvester, at mechanical rice transplanter* na ibinigay ng mga tagapagsalita mula sa ATI, Bureau of Plant Industry, at *Philippine Center for Postharvest Development and Mechanization.*

Natutunan din nila ang *Minus One-Element Technique* at nakaranas din ang mga kalahok ng mga aktwal na aktibidad sa *Agroecosystem Analysis.*

Bilang bahagi ng kanilang *micro-teaching*, ang bawat kalahok ay nagbigay ng 10 minutong presentasyon sa mga paksang itinalaga sa kanila. Tinanggap nila ang hamon na maging epektibong tagapagsalita sila sa gagawin nilang pagsasanay sa kani-kanilang komunidad.

Sa kanyang mensahe, binigyang diin ni Pat Andrew B. Barrientos, *Center Director*, ang mga mahahalagang programa ng ahensya tungkol sa *Rice Competitiveness Enhancement Program* at nagbigay din siya ng impormasyon tungkol sa *Mandanas-Garcia Ruling, Province-led Agriculture and Fishery Extension System, at Coconut Farmers and Industry Trust Fund.*

*"Unang beses ko lang na makadalo sa napakahabang pagsasanay. Marami po akong natutunan sa pagsasaka at alam ko ang mga Key Checks 1-9. Nagkaroon din ako ng karanasan kung paano gamitin ang mga bagong makinarya sa pagpapalayan. Ang bawat natutunan ko po ay aking ibabahagi rin sa mga kapwa ko magsasaka upang makapagbigay ng magandang produksyon sa pagpapalayan at magkaroon ng mataas na kita,"* pagbabahagi ni Noel M. Callorina, isa sa mga kalahok.

Ang nasabing pagsasanay ay dinaluhan ng 32 LSA, SPA, at ESP cooperators.



Ang mga kalahok habang gumagamit ng makinarya sa pagsasaka

# LSA AT SPA COOPERATORS SINANAY SA PAGGAWA NG IEC MATERIALS

ni: Jezell dT. dela Cruz

Hindi lang kasanayan sa pagsasaka ang pinauunlad ng ATI-MIMAROPA para sa mga *Learning Site for Agriculture (LSA)* at *School for Practical Agriculture (SPA) cooperators*, maging sa ibang larangan ay binibigyang diin din upang mapaunlad ang kanilang buong potensyal.

Sa isinagawang LSA at SPA *Regional Assessment*, sinamahan ito ng ATI-MIMAROPA ng pagsasanay sa paggawa o pagbuo ng *Information, Education, Communication (IEC) materials*.

Maliban sa mga plano at iskedul ng mga aktibidad ng LSA/SPA para sa taong 2022 ay pinag-usapan din ang mga isyu at posibleng solusyon sa pagpapatupad ng programa sa rehiyon. Nagkaroon din ng kolaborasyon mula sa ibang ahensya tulad ng *Department of Trade and Industry (DTI)* at *Department of Science and Technology (DOST)* kung saan

iprenisenta nila ang kani-kanilang programa at serbisyo upang higit na mapabuti at mapaunlad ang pagsasaka at buhay ng mga magsasaka.

Ang huling dalawang araw ng pagsasanay ay inilaan para sa paggawa ng IEC materials na itinuro ni John Edgar S. Anthony, *Dean* ng *College of Computer Studies* mula sa Mindoro State University. Ilan sa mga naging awtput ng pagsasanay ay *leaflets, poster* at *videos*. Binigyang diin ng tagapagsalita na ang mga nagawang IEC materials ay makakatulong sa pagbebenta ng produkto at pagpapakilala ng sakahan ng LSA/SPA.

*"Ang pagtitipong tulad nito ay isa sa mga kahalagan ng partnership ng Government at ng Private Sector tulad ng, LSA at SPA cooperators. Alam natin na madaming problema, pero kung tulung-tulong*

*tayo at sama sama ay kaya nating masolusyunan,"* sabi ni Elizabeth Vivien S. Magbata, *cooperator* ng Benevelot Agri-Soil Farm.

Gayundin, inihayag ni Minerva P. Sadol, LSA *Cooperator* ng Minerva's *Organic Farm* na malaking tulong ng pagsasanay sa kanila sapagkat makakatulong ito sa pagpapakilala ng kanilang produkto o serbisyo.

*"Malaking tulong po ito sa amin, lalo na sa paggawa ng brochures at poster, pwede po itong magamit para mapakilala ang aming sakahan at maibenta ang aming mga produkto. Kung may naging magandang dulot ang pandemya, ito ay ang tulad ng ganitong gawain na pwedeng dumalo online, kahit mga nasa malayong lugar basta may internet connection ay pwedeng maka sama sa pagsasanay, kaya lubos ang aming pasasalamat,"* wika niya.

Ang pagsasanay ay *blended approach* din kung saan ang ilang mga LSA/SPA *cooperators* na hindi nakapunta sa *face-to-face* ay piniling makilahok sa *bertwal na pagsasanay*.

Ito ay dinaluhan ng 74 LSA/SPA *cooperators* noong ika-28 hanggang ika-30 ng Marso, 2022 sa ATI - MIMAROPA, Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro.



Larawan ng mga kalahok sa pagsasanay kasama sina Center Director Pat Andrew B. Barrientos at John Edgar S. Anthony (Tagapagsalita)

## KAALAMAN SA URBAN GARDENING ITINURO SA 4H CLUB OFFICERS AT AEWIS

ni: Cholie Ann C. Mirhan

Ang Agricultural Training Institute (ATI) MIMAROPA ay nagsagawa ng *Orientation on Establishment of Urban Community Garden* noong ika-30 ng Abril 2022 sa *Learning Center*, San Mariano, Roxas, Oriental Mindoro.

Ang aktibidad ay naglalayong mabigyan ang mga kalahok ng pangunahing kaalaman sa *Urban Gardening* at produksyon ng gulay. Gayundin, ito ay naglalayong mangalap ng impormasyon sa mga inaasahan ng mga kalahok sa proyekto.

Ang nasabing aktibidad ay kasunod ng ginanap na *virtual meeting* noong ika-11

Abril 2022 sa pamamagitan ng *Zoom application* na dinaluhan ng mga piling *4H leaders* at *coordinators*.

Bago pa nito, ang mga paunang suplay at materyales ay naipamahagi na sa mga tatanggap ng proyekto, at natalakay na din ang mga teknolohiya na maaring gamitin o gawin.

May kabuuang 19 na kalahok na binubuo ng *4H Club Officers* at mga *Agricultural Extension Workers* mula sa Ikalawang Distrito ng Oriental Mindoro ang dumalo sa oryentasyon.



4H members habang tinatanggap ang mga garden tools para sa Urban Gardening

# 4H PRES NG CALAPAN, WAGI SA THREE-MINUTE SPEECH CONTEST NG KAGAWARAN NG PAGSASAKA

ni: Jezell dT. dela Cruz

Nasungkit ni Gio Earl C. Laguerta, 4H Club President ng Calapan City at Vice President ng 4H Provincial Federation ng Oriental Mindoro ang ikalawang pwesto sa isinagawang Three-Minute Speech Contest ng Kagawaran ng Pagsasaka noong ika-19 ng Abril 2022. Ang naturang paligsahan ay bahagi ng 2nd National Youth in Agriculture Summit na may temang "Spark, Encourage, Engage the Youth to Develop (SEED) new leaders for Agriculture".

Ang tema ng taong ito ay naglalayong pagsama-samahin ang mga kabataang magsasaka, innovators, tagapagturo, at lider para sa pagbabahagi ng kaalaman at mga aktibidad



sa pag-aaral. Layunin din nitong magbigay ng inspirasyon sa mga kabataang magsasaka na maging mga innovators at agripreneurs sa pamamagitan ng pag-access sa mga programa at serbisyo ng Kagawaran.

Sa tanong na "What do you think is the key to encourage the youth to engage in agriculture?", ang bawat kalahok ay nagtagisan ng galing, talas ng isip at talino. Sa loob ng tatlong minuto ay inilalahad ng mga 16 kalahok na kabataan mula sa iba't-ibang rehiyon ang kanilang kasagutan sa pamamagitan ng isang talumpati.


Si G. Laguerta ang kinatawan ng ATI-MIMAROPA matapos niyang matalo si Prince Joseph Alvarez ng Calintaan, Occidental Mindoro sa pre-qualifying round na isinagawa ng ATI-MIMAROPA noong ika-1 ng Abril, 2022, sa pamamagitan din ng Zoom Application.

Ang mga nanalo sa nasabing patimpalak ay ipinahayag sa 2nd National Youth in Agriculture Summit noong ika-21 hangang 22 ng Abril, 2022 na ginanap sa Bureau of Soils and Water Management Convention Hall, Quezon City.



# MAKABAGONG TEKNOLOHIYA NG PATUBIG: LIBRENG IBINAHAGI ONLINE!

ni: Michael Daven T. Jugno



Upang maisulong ang paggamit ng makinarya sa agrikultura dito sa ating bansa, ang ATI MIMAROPA ay nagsagawa ng libreng webinar tungkol sa "Automated and Solar Drip Irrigation System" noong ika-22 Abril sa pamamagitan ng Zoom Application.

Sinimulan ito ng isang mensahe mula kay G. Norberto C. Maur, OIC-Assistant Center Director ng ATI-MIMAROPA. Binigyang-diin niya na ang ganitong uri ng teknolohiya ay isang malaking tulong para sa ating mga magsasaka upang

mapababa ang gastos ng produksyon at paggawa nila sa kanilang sakahan. "Sana ang ganitong teknolohiya ay magamit na sa lalong madaling panahon ng ating mga magsasaka," dagdag pa niya.

Nagsilbing pangunahing tagapagsalita si Dr. Alfredo F. Fortu, Jr., Dean, College of Engineering and Technology ng Romblon State University. Ibinahagi nya sa kanyang pagtuturo ang kahalagahan ng ganitong teknolohiya sa produksyon ng mga high-value crops. Tinalakay din niya kung paano ito binuo, pinapaandar at ang cost and return analysis nito.

Ayon sa kanya, ang ganitong uri ng sistema ng patubig ay subok na mabisa. Gumagamit ito ng electronics platform na Arduino, at solar panel na nagsilbing pangunahing pinagkukunan nito ng enerhiya.

"Malaking tulong din po talaga yung paggamit ng mga renewable energy dahil dito sa Palawan krisis po sa amin ang kuryente. Kaya maganda po na maibahagi

ito sa mga magsasaka dahil di pa sila pamilyar dito nang sa ganon ay malaman nila ang kahalagahan ng paggamit ng mga bagong teknolohiya para mas mapaganda pa nila ang kanilang produksyon at kalidad ng mga produkto lalo na sa mga high-value products", ayon kay Engr. Azel L. Abrina, isa sa mga kalahok.

Ang kalahating araw na aktibidad ay ipinalabas din sa opisyal na Facebook Page ng ATI MIMAROPA. Dinaluhan ito ng 53 Agricultural Extension Workers, Agricultural Engineers, farmer leaders, estudyante at agri-enthusiasts mula sa rehiyon.



# PAGHUHUBOG NG MGA BAGONG TAGAPAGSANAY NG DFP

ni: Mark Jayson S. Alcobera



Si Michael Daven T. Jugno habang itinuturo ang mga agri-apps

**D**alawampu't walong (28) kalahok kabilang ang *Agricultural Extension Workers* (AEWs) na mula sa mga munisipyo ng Brooke's Point, Sofronio Española, Quezon, at Narra at limang (5) *farmer leaders* ang nakatapos sa *Training of Trainers (TOT) on Digital Farmers Program (DFP)* na ginanap sa Brooke's Point, Palawan noong ika-26 hanggang ika-27 ng Abril.

Sa pamamagitan ng TOT, tinuruan ang mga AEWs at *farmer leaders* ng mga bagong kaalaman at kasanayan tungkol sa paggamit ng makabagong teknolohiya gamit ang *smartphone*. Kabilang sa mga kasanayan na ibinahagi ng mga tagapagsalita ay ang paggamit ng mga pangunahing *digital tools* kabilang na ang *advanced agri-tools*, *social media*, *social media marketing*, *climate at weather monitoring applications*, at *online payment options*.

Nagsilbing mga tagapagsalita sa loob ng dalawang (2) araw na pagsasanay sina Erlan D. Pasana, *Information Officer II*, Engr. Karen A. Tulay, *Agriculturist I*, Mark Jayson S. Alcobera, *Project Development Assistant II*, at Michael Daven T. Jugno, *Project Development Assistant II* ng *Information Services Section* ng ATI-MIMAROPA.

Ang mga kalahok ng pagsasanay ay dumaan sa *microteaching session*, kung saan bawat isa sa kanila ay binigyan ng limang (5) minuto para talakayin ang paksang itinalaga sa kanila. Ito ay may kaukulang puntos batay sa kanilang *performance* sa pagpipresent.

*"Maraming salamat sa pagturo sa akin kung paano gamitin ang smartphones. Ngayon ko lang nalaman na may ibat-ibang features at gamit pala ang telepono. Ang tumatak sa akin sa lahat ng tinuro ay ang Social Media Marketing, na pwede ring magamit ng ating mga magsasaka para maibenta ang kanilang mga produkto"*, ayon kay Vladimir C. Aficial, *Farm Worker* mula sa Narra, Palawan.

Ang mga kalahok ay gumawa din ng DFP *rollout plan* bilang parte ng kanilang panghuling awtput sa pagsasanay.



# PAGSASANAY SA QGIS NG MUNICIPAL LIVESTOCK COORDINATOR

ni: Cyrus Jay V. Escolastico



Kalahok ng pagsasanay habang nagsagawa ng zoning mapping

**A**ng Bantay African Swine Fever (ASF) sa Barangay ay isang programang inilunsad ng Kagawaran ng Pagsasaka tungo sa paghahanda at pagsasanay ng mga *Agricultural Extension Workers* (AEWs) kaugnay sa pagbabantay at pagsubaybay sa mga kaso ng ASF maging ang pagpapabuti ng *biosecurity practices* at tamang pagpapatupad na dapat gawin sa pagbababuyan.

Bilang suporta sa programang ito, ang *Agricultural Training Institute MIMAROPA*

sa pakikipagtulungan sa *Provincial Veterinary Office* sa rehiyon ay nagsagawa ng anim (6) na *batches* ng pagsasanay tungkol sa *Quantum Geographic Information System (QGIS)* sa iba't ibang probinsya ng MIMAROPA:

Palawan, Mayo 11-12, 2022;  
Marinduque, Mayo 18-19, 2022;  
Romblon, Mayo 25-26, 2022;  
Occidental Mindoro, Hunyo 8-9, 2022;  
Oriental Mindoro (Unang Distrito),  
Hunyo 14-15, 2022; at  
Oriental Mindoro (Pangalwang Distrito),  
Hunyo 16-17, 2022.

Ang pagsasanay ay naglalayong bigyan ng karagdagang kaalaman at mahahalagang kasanayan ang mga AEWs sa paggamit ng QGIS. Nakatuon ito sa data encoding at paghahanda ng isang *zoning map* para sa epektibo at mas pinabilis na pagsubaybay sa mga kaso ng ASF sa isang lugar.

Ang QGIS ay isang *open-source* na *software* na nagbibigay-daan para sa madaling pagsusuri, pagtingin, at pagbabago ng *spatial information* sa pagbuo ng mga *graphical* na mapa.

*"Itong training na ito ay malaki ang naging epekto sa akin kasi itong application na ito ay hindi lang sa livestock magagamit kundi sa iba ding mga banner program like corn at rice, etc. Medyo nakakalito pero kaya naman, kasi alam namin na darating ang panahon na marami tayong ma-encounter na ganitong training ng QGIS kasi habang tumatagal mas nagiging technical yung mga gawain natin na hindi na siya puro sa papel na lang kundi nakaprogram na din,"* sabi ni Jona Rose R. Ferrer, *Agricultural Technician* ng Calintaan, Occidental Mindoro.

May kabuuang 122 kalahok ang dumalo sa mga nasabing pagsasanay.

SUSI SA TAGUMPAY NG

# YAMANG BUKID

## Farm

ni: Cholie Ann C. Mirhan

Sa liblib at bulubunduking lugar sa Brgy. Bacungan sa Siyudad ng Puerto Princesa, Palawan matatagpuan ang Yamang Bukid Farm, isa sa mga matatagumpay na *Farm at School for Practical Agriculture* sa rehiyon ng MIMAROPA.

Ang Yamang Bukid ay nagsimula sa Baguio City kung saan ang pangunahing produkto na kanilang binibenta at pinagyayaman ay ang luyang dilaw o turmeric. Dahil sa napagtanto nila ang magandang benepisyo at kita sa turmeric, minabuti nilang palawakin ang naaabot ng kanilang produkto. Dito nagsimula silang makipag-ugnayan sa iba't-ibang malalaking lungsod sa bansa kung saan may mga *malls* at *supermarket* na nakatayo.

Isa ang Puerto Princesa City sa Palawan sa nakitaan nila ng magandang lokasyon upang mas lalo pang maisulong at maipakilala ang kanilang produkto sa merkado dahil sa pagiging *tourist destination* nito. Hindi nga sila nagkamali sapagkat sa loob ng ilang taon lamang ay nakilala nga sa merkado ang kanilang produkto at kinailangan nilang magtayo ng sakahan na nakatuon lamang sa *turmeric*.

Sa Brgy. Bacungan, Puerto Princesa City, maswerteng nakabili sila ng 1.2 ektaryang lupain noong 2017. Sinimulan din nila ang pagtatanim ng *turmeric* upang mapunan ang kulang na suplay na nagmumula pa sa Baguio.



Nagkakaroon man ng problema, ngunit sa pangkalahatan ay naging maayos naman ang takbo ng Yamang Bukid sa Palawan. Ipinagmamalaki pa nila na ang kaibahan nila sa ibang mga *farms* ay ang pagkukop sa mga maliliit na magsasaka at mga dating magtotoroso. Anila, isa ito sa mga naisip nilang paraan upang makapagbigay kita sa mga magsasaka gayundin ay makatulong sa pag-iingat ng kalikasan.



Mula sa maliit na sakahan, unti-unti itong lumago at nakatulong sa higit kumulang 150 lokal na magsasaka sa komunidad. Mula sa *turmeric*, pinalawak pa nila ang kanilang serbisyong ibinibigay sa mga tao. Nagsimula na rin silang magtanim ng organikong halamang herbal, *ornamental*, prutas at gulay. Pinasok na rin nila ang iba pang negosyo na may kinalaman pa rin sa bukid na may adhikaing patuloy na makatulong sa iba't-ibang sektor ng manggagawa sa lipunan. Isa na dito ang mga katutubo sa kalapit na lugar kung saan pinagmulan ng "Yamang Bukid Farmhouse of Kakanin".



Mula sa malikhaing isip ng mga empleyadong kababaihan, isang *best-seller* na produkto ang nabuo na mas kilala sa tawag na "*Suman sa Buho*". Ang mga buho na ginagamit sa kakanin na ito ay binibili mula sa mga katutubo sa mas mataas na halaga.

Hindi nakapagtataakang nag-uumapaw na biyaya ang balik sa Yamang Bukid Farm dahil na rin sa tulong na naibibigay nito sa komunidad.



Hindi lamang sa kakanin kilala ang Yamang Bukid Farm. Kung ang hanap naman ng mga turista ay *farm-to-table experience*, nariyan ang Yamang Bukid Extension Farm na naghahain ng masasarap, katakam-takam at masusustansyang pagkain.

Mayroon din silang nakahandang sorpresa sa mga *seafood lovers* sa kanilang Yamang Dagat Seafood Restaurant na matatagpuan sa Rizal Avenue, Puerto Princesa City. Dito matitikman ang mga sariwang pagkaing-lamang dagat na mayaman sa probinsya.



Ilang hakbang lamang mula sa Yamang Dagat Seafood Restaurant ay matatagpuan naman ang ikatlo sa ipinagmamalaki nilang restaurant ang Balay Bukid Restaurant kung saan ang mga sangkap ng kanilang mga pagkain ay galing mismo sa kanilang bukid.



Para naman sa mga turista na ang hanap ay panandaliang *relaxation* mula sa *toxic city life*, nariyan ang "Balay Tuko Garden Inn" kung saan maaaring magpahinga at magnilay-nilay habang ineenjoy ang kalikasan at ang mga masasarap nilang pagkain.

Dahil nakita nila ang pagtangkilik sa kanilang produkto at serbisyo, nagtayo din ang Yamang Bukid Farm ng Yamang Dagat Resort na matatagpuan sa tabing dagat sa Narra at Quezon, Palawan. Dito sa dalawang resort na ito ay matitikman pa rin ang nakakaganang pagkain na tatak Yamang Bukid Farm.



Sa kanilang adbokasiya na *“Doing Business with a Heart”* para sa pagpapaunlad ng komunidad na may pagkalinga sa kalikasan, hindi maipagkakaila na maraming organisasyon at mga ahensya ang sa kanila ay nakipagbayanihan at nakipagtulungan upang mas lalo pang maipalaganap at makatulong hindi lamang sa mga magsasaka maging sa iba’t-iba pang sektor ng lipunan.

Ilan sa mga ito ay ang *Philippine Carabao Center* na nagkaloob ng 11 gatasang kalabaw kung saan nakapagsagawa ang *Department of Social Welfare at Development (DSWD) at Department of Education (DepEd) Palawan* ng malawakang *milk feeding program* sa probinsya. Sa kasalukuyan, ang *Yamang Bukid Farm* katuwang ang *City Public Employment Service Office, Department of Labor and Employment - Palawan, Asia Development Bank at Government of Canada* ay bumuo ng *Job Start Philippines Program* na may layuning mabawasan ang mga walang trabaho sa siyudad.

Ang *Yamang Bukid* ay isa ding *certified Learning Site for Agriculture (LSA)* ng *ATI-MIMAROPA* kung saan ay nagsisilbi itong modelo na nagpapakita ng mga teknolohiya sa pagsasaka at nakakapag-engganyo sa mga magsasaka na gayahin at pagyamanin ang agrikultura. Sa kalaunan, sila ay naging *“agritourism” site* ng probinsya dahil sa pinagmamalaki nitong ganda at teknolohiya sa pagsasaka.

Dahil na rin sa pagiging isang *LSA*, na-akredit din sila bilang *Farm School ng Technical Education and Skills Development Authority (TESDA)*. Kaya naman, iba’t-ibang libreng *seminars* at pagsasanay na ang isinasagawa sa bukid upang turuan ang mga magsasaka at maipalaganap ang mga kaalaman at teknolohiya sa organikong pagsasaka sa mga taong gustong matuto nito.

**“**  
*Pangarap po namin na ma-sustain itong farm at maka tulong di lamang dito sa community, pati mapalawak pa ang pag seserbisyo ng Yamang Bukid dito sa Bacungan, sa Palawan at sa iba pang probinsya.*

**Daniel E. Anjan**  
Senior Vice President

*“Noong nalaman ko na naghahanap ng trainer ang YB Farm ay agad akong nag-apply. Isa ako sa maswerteng napili ng YB Farm para maging trainer nila. Kung ano ang aking mga natutunan nung ako’y estudyante pa lamang ay siya ring itinuturo ko sa mga estudyanteng nag-aaral ng Organic Agriculture NC II.”*



**Meriam Corada**  
Trainer/Dating scholar  
ng Yamang Bukid Farm

Subalit tulad din ng iba pang *farms* at *tourist destination*, hindi naging madali para sa kanila ang hatid ng pandemya dahil sa umunti ang turista at kita ng bukid na siyang sumusuporta sa kanilang mga manggagawa. Gayunman, dahil sa taglay nilang pagkalinga sa kanila, sa halip na matigil sa pagtatrabaho ang kanilang mga manggagawa ay ginamit nila ang pagkakataon upang mas lalo pa silang makatulong. Hindi lamang sa kanilang mga empleyado, maging sa iba pang pamilya sa probinsya ay naghatid sila ng tulong at ayuda.

Marami pa silang pangarap sa kanilang sinimulan subalit sa pagtataguyod ng kanilang bukid at negosyo, ninanais nila na mas maparami pa ang mga mamamayan na nagmamalasakit sa kapwa at kalikasan. Maliban dito, plano din nila na mas itaas pa ang antas ng pagsasaka at palaganapin ang organikong agrikultura hindi lang sa Palawan, maging sa iba pang probinsya.

*“Pangarap po namin na ma-sustain itong farm at maka tulong di lamang dito sa community, pati mapalawak pa ang pag seserbisyo ng Yamang Bukid dito sa Bacungan, sa Palawan at sa iba pang probinsya”,* wika Daniel E. Anjan, *Senior Vice President* ng Yamang Bukid Farm.

Tunay ngang nagsimula sa **SIMPLENG PANGARAP**, na unti-unting **LUMAWAK** hanggang sa naging isang **YAMAN**. Ito ang kwento at tagumpay ng **Yamang Bukid Farm**.

# ATI-MIMAROPA, DA-MIMAROPA PINANGUNAHAN ANG WORKSHOP SA PAGGAWA NG MCIP

ni: Jezell dT. dela Cruz



Mga kalahok habang ginagawa ang MCIP.

**B**ilang paghahanda sa pagpapatupad ng *Province-led Agriculture and Fisheries Extension Systems (PAFES)* at palakasin ang kapasidad ng mga *Local Government Unit (LGU)* na magplano at magpatupad ng mga programa sa agrikultura at pangisdaan sa rehiyon, pinangunahan ng ATI MIMAROPA sa pakikipagtulungan sa DA-RFO MIMAROPA ang *PAFES Development Workshop on Municipal Commodity Investment Plan (MCIP)* na may temang "*Firming up of Agriculture and Fisheries Development Plan*" sa mga lalawigan ng Palawan, Oriental Mindoro at Occidental Mindoro.

Ang MCIP ay naglalayon na lumikha ng isang lokal na batayan para sa mga programa at mga interbensyon upang matiyak na ang bawat munisipalidad ay tumatanggap ng mga angkop na programa at proyekto batay sa kanilang mga priyoridad na *commodity*.

Sa kanyang *video message*, *Center Director* ng ATI MIMAROPA, "*Convergence is the key. Kailangan nating mag-synergize upang makamit ang ating mga layunin para sa ikabubuti ng mga magsasaka at mangingisda.*"

Kabilang sa tinalakay sa aktibidad ay ang *kahalagahan, rason at pamamaraan* para sa pagsasagawa ng *City/Municipal Commodity Investment Plan (C/MCIP)*, *Investment Planning Tools*, *MCIP Outline* at *Matrix* sa pangunguna ng *DA-Philippine Rural Development Project (DA-PRDP)* I-PLAN. Ipinaliwanag din nila ang mga pamamaraan kung paano maisasakatuparan ang mga plano, at nagbahagi sila ng mga halimbawa na awtput mula sa ibang mga lalawigan.

Pinakamahalagang nangyari sa aktibidad ay ang *workshop* kung saan ang mga

kalahok ay gumawa ng kanilang sariling *C/MCIP* at iprinesenta ito sa mga *panelists* para sa pagsusuri at pagpuna. Batay sa mga kalahok, ang aktibidad na ito ay lubhang kailangan dahil ang ginawang awtput ng *workshop* ay magsisilbing batayan sa pagpapatupad ng PAFES sa kani-kanilang lalawigan.

Nagkaroon din ng *open forum* kung saan ay isinawalat ng mga kalahok ang kani-kanilang isyu o problema sa pagsisimula ng PAFES.

Bago matapos ang pagsasanay, sumang-ayon ang mga kalahok na magkaroon ng kanilang susunod na pagpapalano sa *workshop* na magpapakita ng kanilang *final draft* ng *C/MCIP*.

Ang aktibidad ay nagkaroon ng pitong (7) *batches* kung saan dinaluhan ito ng may kabuuang bilang na 349 na kinatawan mula sa iba't-ibang munisipalidad ng mga lalawigan sa rehiyon. Ito ay binubuo ng *Municipal Agriculturist, Municipal Planning Development Officers, Budget Officers, Municipal Engineers, at Agricultural Technicians*.

## MAKABAGONG PAGSASAKA, DIGITAL NA!

ni: Cholie Ann C. Mirhan



AEWs ng mga ksalang munisipyo habang ginagawa ang DAC rollout plan.

**U**pang hasain ang kakayahan ang mga kalahok sa pagpapatupad ng *digital literacy training* sa mga magsasaka sa kani-kanilang lugar, isinagawa ang *Training of Trainers (TOT)* sa *Digital Agriculture Course* noong ika-24 hanggang ika-25 ng Mayo 2022 sa Dos Four Dos, Brgy. Magsaysay, Aborlan, Palawan.

Sina Engr. Karen A. Tulay, *Agriculturist I*, Cyrus Jay V. Escolastico, *Project Development Assistant I*, at Cholie Ann C. Mirhan, *Project Development Assistant I*, ang nagsilbing tagapagsalita sa pagsasanay.

Sa kabuuan ng pagsasanay, natutunan ng mga kalahok ang iba't-ibang bahagi ng *smartphones* gayundin ang iba pang *digital platforms* na magagamit sa pagbebenta ng kanilang mga produkto. Gumamit din sila ng mga *digital tools* sa agrikultura na may kaugnayan sa palay tulad ng *Rice Crop Manager, AgriDOC App, Binhing Palay App*, at *Pinoy Rice Knowledge Bank* at iba pa.

Sinasaklaw din ng pagsasanay na ito ang mga paksa sa *Advance Social Media Marketing, e-Commerce platform, Digital*

*Transactions/Online Payment, Pag-access sa internet, at Internet Safety Tips*.

Sa huling araw ng pagsasanay, nakagawa ang mga kalahok ng *DAC rollout plan* bilang bahagi ng kanilang huling gawain. Bukod dito, pinaalalahanan sila sa kinakailangan nilang isumite, limang (5) araw pagkatapos ng pagsasanay ang lima (5) hanggang sampung (10) minuto ng *recorded microteaching session*.



Mga kalahok ng TOT DAC.

# PARTICIPATORY GUARANTEE SYSTEM: BUONG PWERSA NG MAGSASAKA PARA SA ORGANIKONG AGRIKULTURA!

ni: Karen A. Tulay



Mga kalahok ng TOT PGS

Sa pag-apruba ng Republic Act 11511 o mas kilala bilang batas na nag-amyenda sa *Organic Agriculture Act of 2010* (RA 10068), ang Agricultural Training Institute-MIMAROPA sa pamamagitan ng *Organic Agriculture Program* ay nagsagawa ng *Training of Trainers on Participatory Guarantee System (PGS) on Organic Implementers and Identified PGS Organizations* noong ika-26 ng Mayo hanggang ika-8 ng Hunyo, 2022 sa DosFourDos Farm, Aborlan, Palawan.

Ang PGS ay isang alternatibo at komplementaryong pamamaraan ng *third-party certification* na gumaganap ng mahalagang papel sa *rural development* at *farmer empowerment* sa pamamagitan ng aktibong pakikipag-ugnayan sa mga magsasaka sa buong proseso ng *verification, decision making, at marketing*. Sa pagkilala nito sa batas, ang mga organikong magsasaka ay makakakuha ng pagsasanay at sertipikasyon para sa kanilang produkto nang hindi nangangailangan ng malaking gastos.

"Ang pagsasanay na ito ay magbibigay ng malaking incentives sa ating mga organic farmers. Sa pamamagitan ng PGS, hindi gaanong kamahal ang certification at accreditation services para makasiguradong organiko ang produkto", sabi ni Dr. Romeo M. Cabungcal, Provincial Agriculturist- Palawan sa kanyang mensahe. Nangako rin siya na susuportahan ng Lokal na Pamahalaang Panlalawigan ng Palawan ang *organic agriculture program* sa pamamagitan ng paglalaan ng karagdagang pondo para sa organikong magsasaka.

Sa loob ng sampung-araw (10) na pagsasanay, tinuruan sila ng mga sumusunod na probisyon sa organikong agrikultura: *Organic Agriculture Act* na inamyendahan sa bisa ng RA 11511, *Philippine National Standard on Organic Agriculture*, Pagtatatag at Operasyon ng *Participatory Guarantee System (PGS)*, Akreditasyon ng *Participatory Guarantee System (PGS) Groups* bilang *Organic Certifying Body, Peer Review at Certification Protocols*.

Bukod dito, bilang paghahanda sa kanilang aplikasyon para sa akreditasyon, ginawa ng grupo ang kanilang *Internal Standards* sa *organic rice, organic aquaculture, organic animal, organic vegetable, at organic pineapple*. Binalangkas din ng grupo ang kanilang *Manual of Operations (MOO)* bilang bahagi ng mga *workshops* sa pagsasanay.

Isa sa pinakamahalagang nangyari sa pagsasanay na ito ay ang *simulation* ng *peer review* noong ika-9 ng Hunyo, 2022 sa *BNC Farm* na pagmamay-ari ni G. Aquino Veran, isa rin sa mga kalahok. Ipinakita ng mga kalahok ang pagsasagawa ng *peer review* alinsunod sa inirerekomendang *peer review*

*protocols*. Bukod pa rito, sinuri nila ang pagsunod ng kanilang myembro batay sa mga *internal standard, patakaran, at pamamaraan* ng pangkat.

"Masaya ako dahil nagkaroon ng katuparan ang pangarap ko na sana ay maging abot-kaya ng magsasaka ang pagkakaroon ng organic na label ng kanilang produkto. Bilang isang organic practitioner, isa itong hakbang para mas maimprove pa natin ang ating produkto lalo na sa pagmamarket nito. Matagal na akong nag-oorganic at naniniwala ako na itong PGS ang magiging kasangkapan para ma-empower ang mga kagaya naming small farmers. Ito din ang isa sa paraan upang mapagkaisa natin ang mga grupo ng magsasaka tungo sa isang layunin, ang mas palakas ang organic program dito sa ating probinsya", sabi ni G. Eduardo Jopson, isa sa mga kalahok.

Pagkatapos ng pagsasanay, inaasahang makumpleto ng dalawang (2) grupo ng magsasaka ang mga kinakailangang dokumento para sa aplikasyon ng PGS at maisasailalim sa sertipikasyon at pagsusuri bilang *PGS Core Groups* ng *Bureau of Agriculture and Fisheries Standard*.

Ang pagsasanay ay naging posible sa pamamagitan ng pakikipagtulungan ng ATI-MIMAROPA sa DA-RFO MIMAROPA, PGS Pilipinas, at *Provincial/Municipal Local Government Units (P/MLGU)* ng Palawan.

Kabilang sa organisasyong dumalo sa nasabing pagsasanay ang Aborlan (Ating Bayan Organic Land) Organic PGS Group at POFA Municipal PGS Group mula sa mga Bayan ng Aborlan at Quezon, Palawan.

May kabuuang 26 na kalahok ang nagisapagtapos sa nasabing pagsasanay.



Si Dr. Romeo M. Cabungcal, Provincial Agriculturist - Palawan, habang nagbibigay ng mensahe

# MAHIGIT DALAWANG-LIBONG MAGSASAKA NAGTAPOS SA SOA-SRA

ni: Mark Jayson S. Alcobera



Mga kalahok na magsisipagtapos sa SOA-SRA

**M**ay kabuuang 2,540 na kinabibilangan ng mga magsasaka at *Agricultural Extension Workers* mula sa munisipyo ng Pola, Socorro, Victoria, Naujan, Baco, San Teodoro, Puerto Galera at Calapan City ang nagsipagtapos sa *School-on-the-Air on Smart Rice Agriculture* noong ika-9 ng Hunyo, 2022, na ginanap sa ATI-RTC MiMaRoPa, Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro.



G. Norberto C. Maur, OIC TCSI, habang nagbibigay ng mensahe sa mga magsisipagtapos

Bilang panimula ng aktibidad, nagbigay ng pambungad na mensahe para sa mga kalahok si Norberto C. Maur, OIC-Assistant Center Director ng ATI-MIMAROPA. Nagbigay din ng kanilang mga mensahe sa pamamagitan ng *pre-recorded videos* ang *Department of Agriculture Secretary* William D. Dar, *ATI National Director* Rosana P. Mula, at *Regional Executive Director* Antonio G. Gerundio.

Hinimok din ni *Center Director* Pat Andrew B. Barrientos ang mga nagsipagtapos na gamitin ang kanilang mga natutunan sa kanilang pangkabuhayan lalo na sa kanilang pagsasaka at maibihagi din nila ito sa kani-kanilang komunidad.



Mga kalahok habang nakikinig sa pagsasa-ere ng programa

Upang magbalik tanaw sa mga aktibidad na ginanap sa kabuuan ng programa ng SOA-SRA, nagbigay ng presentasyon si Erlan D. Pasana, *Information Officer II/SOA Point Person*. Gayundin, apat (4) na nagsipagtapos mula sa iba't-ibang munisipyo na kalahok sa programa ang ang nagbigay ng kani-kanilang impresyon sa kabuuan ng pagpapatupad ng SOA-SRA.

Sa naganap na pagsisipagtapos, kinilala ang sampung (10) natatanging estudyante sa bawat munisipyo at tatlong (3) *Avid Texters* ng programa. Binigyan din sila ng binhi, abono, at *knapsack sprayers* bilang parangal.



Si G. Maur (kaliwa) at G. Pasana (kanan) kasama ang isang kalahok (gitna) na tumanggap ng sertipiko at parangal

Sa pagtatapos ng programa, nag-iwan ng mensahe si G. Pasana para sa mga nagsipagtapos, "*Ang ATI MIMAROPA ay patuloy na hahanap ng bagong pamamaraan para maipaabot sa inyo ang mga makabagong kaalaman at teknolohiya sa pagsasaka ng palay. Sana gamitin ninyo at ibahagi ninyo ang inyong natutunan sa iba para makamit natin ang ating inaasam na mataas na ani at kita*".



Mga Coordinators ng SOA-SRA mula sa unang distrito ng Oriental Mindoro

# MABILIS NA AKSYON SA PAMAMAHALA NG FALL ARMY WORM

ni: Jezell dT. dela Cruz



Isang kalahok habang nagseset-up ng FAW pheromone trap

Upang mapabilis ang pagtugon sa pamamahala ng impestasyon ng *Fall Armyworm* (FAW), ang Kagawaran ng Agrikultura, sa pamamagitan ng ATI MIMAROPA ay nagsagawa ng apat (4) *batches* ng *Training of Trainers (TOT) on Corn Production Technologies: Management of Fall Army Worm (FAW)* sa mga probinsya ng Romblon, Palawan at Oriental Mindoro.

Pangunahing layunin ng pagsasanay na bigyang kasanayan ang mga *Agricultural Extension Workers (AEWs)* kung paano pamahalaan at kontrolin ang pagkalat ng FAW sa mga pananim, partikular sa mais nang sa gayon ay mabawasan ang mga pinsala na maaaring makaapekto sa produksyon at kita ng mga magsasaka.

Sa tatlong (3) araw na TOT, tinalakay ng mga tagapagsalita mula sa DA-Regional Crop Protection Center ang kasaysayan at katatayuan ng FAW sa bansa. Bukod dito, binigyang-diin nila ang pamamahala ng mga peste at sakit kabilang ang FAW sa mga pananim gamit ang iba't-ibang uri ng *biological control agents*.

Kabilang sa pagsasanay ang mga *field activities* kung saan ay personal na pumunta ang mga kalahok sa maisan upang pag-aralan ang lugar at magsagawa ng *Agro-ecosystem analysis* sa taniman. Naglagay din sila ng FAW *pheromone traps* bilang isa sa mga alternatibong pamamaraan sa pagpuksa

ng FAW. Matapos ang nasabing paglalagay ng mga bitag sa hapon ay binalikan nila ito sa sumunod na araw para sa *monitoring* at *surveillance* sa FAW upang matukoy ang mga pinsala at katangian nito. Ang mga datos na nakalap mula sa kanilang *field activities* ay iprinesenta ng mga kalahok gayundin ang iba't-ibang estratehiya at rekomendasyon upang maiwasan ang paglaganap ng FAW.

*"Marami kaming natutunan sa TOT na ito. Aside from lecture, we have really appreciated the field visitation and activities for us to have an actual experience on how to manage the FAW,"* sabi ni Norbert John Escalaña, AEW mula sa LGU-Brooke's Point Palawan.

Dagdag pa rito, sinabi ng mga kalahok na ang kaalaman na kanilang nakuha mula sa TOT ay ibabahagi sa mga magsasaka sa kani-kanilang lokalidad.

May kabuuang bilang na 92 AEWs ang dumalo sa mga nasabing TOT sa nakaraang unang semestre.

# BANTAY ASF SA BARANGAY, MAS PINALAKAS

ni: Jezell dT. dela Cruz

Bilang mga pangunahing grupo na reresponde laban sa ASF sa barangay, mas lalo pang pinalakas ng ATI-MIMAROPA sa pakikipagtulungan ng *Provincial Veterinary Offices* sa rehiyon ang mga hakbang upang malabanan ang *African Swine Fever (ASF)*.

Sa nakaraang unang semestre, matagumpay na naisagawa ang 12 na

*batches* ng *Training on Specimen Collection for Barangay Biosecurity Officers (BBOs)*.

Layunin nito na mas palakasin at mas paghusayin ang kakayahan ng mga BBOs sa pagkolekta ng mga *specimen* ng baboy upang maipasuri sa laboratoryo. Kabilang sa naibahaging kaalaman at kasanayan ay ang tamang paghahanda at paggamit ng mga kagamitan at kasangkapan sa pagkolekta ng *specimen*, tamang

pag-awat o pagpigil sa hayop, tamang pagkolekta ng *specimen*, pagdadala at pagbibiyaha nito.



Upang maisakatuparan ang kanilang mga hakbangin at tungkulin, binigyan ng *training kit* ang mga BBOs tulad ng *pig restrainer, vacutainer, disposable syringe, needle holder, disposable needle, alcohol, facemask, latex gloves, animal marker, tape, ice gel, ice pack, tackle box, collar* at *scrub suit*.

Ang *post-training support* na ito ay gagamitin ng BBOs para sa ASF *monitoring* sa kani-kanilang lugar.

May kabuuang 265 na kalahok ang dumalo sa nasabing pagsasanay.



# PAGTUTURO NA NAKATUON SA PAGKILALA AT TAMANG PAMAMAHALA SA SABA NA SAGING

ni: Erlan D. Pasana

**T**atlumpung (30) kalahok na binubuo ng mga *Agricultural Extension Workers* at magsasaka na nagtatanim ng saging ang matagumpay na nagtapos sa pagsasanay tungkol sa produksyon ng saba at ang tamang pamamahala nito noong ika-15 hanggang ika-18 ng marso, 2022 na ginanap sa ATI-MIMAROPA, Barcenaga, Naujan, Oriental Mindoro.

Ang pagsasanay ay nagbigay sa mga kalahok ng kaalaman tungkol sa kultural na aspeto at pamamahala ng saging na saba partikular sa mga peste na nakakaapekto sa produksyon ng pananim. Ang pagsasanay ay gumamit ng mga lektura at aktuwal na aktibidad, partikular sa pagkilala sa mga peste ng saba at ang tamang pamamahala nito.

Nagsagawa ang mga kalahok ng *on-site* koleksyon ng insekto ng saba na saging sa sakahan na pag-aari ni Ruel A. Sanchez sa Brgy. San Cristobal, Victoria na nakatulong sa kanila na maging mas pamilyar sa mga insekto ng saging at ang mga pinsalang dulot nito. Gayundin, kinapanayam nila si G. Sanchez tungkol sa pamamahala ng saging na nakakapag bigay sa kanila ng dagdag kaalaman.

Bukod dito, nag-ikot din sila sa *Lakatan Demonstration Farm* ng Mindoro State University (MinSu) sa Brgy. Bethel, Victoria, Oriental Mindoro kung saan napagmasdan ng mga kalahok ang magandang epekto ng tamang kultural na pamamahala ng pananim na saging. Ito ay nagsilbing inspirasyon sa kanila upang mas lalong pagbutihin at maghangad na magkaroon ng isang *banana demonstration farm* sa kani-kanilang munisipyo.

Sa pagtatapos ng kanilang pagsasanay, gumawa sila ng *cost and return analysis* sa produksyon ng saba na saging kung saan ay nakita nila na may kita sa pagtatanim ng saging.

*"Napakalaking motivation sa bawat extension worker ang pagsasanay na ibinibigay ng ATI sa amin. Nahubog muli at napuno ng mga magagaling na tagapagsalita ang aming mga kaisipan lalo na sa pag-aalaga ng mga saging. Magtiwala kayo na dadalhin namin ang aming natutunan sa aming bayan,"* wika ni Josie L. Fetalver, *Agricultural Technologist* ng LGU-Sta. Maria, Romblon.

Ang mga eksperto mula sa MinSU ang nagsilbing tagapagsalita sa apat (4) na araw na pagsasanay.



Maraming Salamat  
sa

35

na taong serbisyo  
sa ATI MIMAROPA

Isa ka sa buhay na patunay ng isang matino,  
mahusay at maasahang kawani ng gobyerno.

Happy retirement po  
Sir Ruben P. Jugno!



**AGRICULTURAL TRAINING INSTITUTE**  
REGIONAL TRAINING CENTER - MIMAROPA

*Innovating OneDA Agricultural Extension Strategies  
Beyond the New Normal*



*A food-secure and resilient Philippines  
with empowered and prosperous farmers and fisherfolk*



@atimimaropa

Barcenaga, Naujan,  
Oriental Mindoro

[www.ati.da.gov.ph/ati-4b/](http://www.ati.da.gov.ph/ati-4b/)

[dcc\\_mimaropa@ati.da.gov.ph](mailto:dcc_mimaropa@ati.da.gov.ph)

(02) 359-1967